Alberta

Palabas na **Balita**

# Pagprotekta sa mga tahanan at mga negosyo mula sa tagtuyot at mga baha

Marso 27, 2025 Mga pagtatanong ng media

## Ang Alberta ay namumuhunan ng higit sa $19 na milyon sa pamamagitan ng Badyet 2025, kung maipapasa, upang makatulong na protektahan ang mga pamilya at mga negosyo mula sa mga baha at tagtuyot sa hinaharap.

Sa nakalipas na mga taon, ang tagtuyot at pagbabaha ay naramdaman sa buong lalawigan, at ang pagtatayo ng mga kritikal na imprastraktura na kailangan upang protektahan ang mga Albertan ay maaaring maging magastos para sa maraming mga munisipalidad. Iyon ang dahilan kung bakit ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng higit sa $19 na milyon sa 10 iba't ibang mga proyekto sa pamamagitan ng Programa ng Proteksyon sa Tagtuyot at Baha upang protektahan ang mga tahanan, pangalagaan ang mga negosyo at, sa huli, magligtas ng mga buhay.

Ang 10 mga proyektong ito ay tutulong na protektahan ang mga kritikal na imprastraktura mula sa mga baha, habang pinapataas ang imbakan ng tubig upang mabawasan ang mga epekto ng tagtuyot at magtayo ng iba pang mga kinakailangang proyekto sa buong lalawigan.

“Nakita mismo ng mga Albertan ang mga epekto ng mga baha at tagtuyot sa ating mga komunidad at mga kabuhayan. Ang pagpopondo na ito ay tumutulong sa mga komunidad na makabuo ng susunod na henerasyon ng mga proyekto ng pagpapagaan ng tagtuyot at pagbaha. Bagama't hindi natin mababago ang lagay ng panahon, makakatulong tayo na protektahan ang mga pamilya, mga negosyo at mga komunidad sa mga darating na taon.”

*Rebecca Schulz, Ministro ng Kapaligiran at Mga Protektadong Lugar*

Ang pagpopondo na ito ay tutulong sa walong mga munisipalidad at dalawang mga First Nation na bumuo ng mga proyekto na idinisenyo upang panatilihing tuyo ang mga tahanan at mga negosyo, tiyaking mananatiling gumagana ang kritikal na imprastraktura sa panahon ng mga emerhensiya at mapanatili ang maaasahang paggamit sa tubig. Kabilang dito ang mga pagpapabuti sa komunidad tulad ng:

- Pagtatayo ng isang pader na pampigil sa tubig o lua (retaining wall) para protektahan ang Slave Lake Airport at Helitack Base sa panahon ng mga pagbabaha.
- Paggawa ng berm para pangalagaan ang bagong itinayong Washington Sewage Lagoon ng Siksika Nation at iba pang lokal na imprastraktura.
- Pagbubuo ng 300 metrong proteksyon sa baybayin sa tabi ng South Saskatchewan na Ilog upang protektahan ang Planta ng Paggagamot ng Imburnal (Treatment Plant Wastewater) ng Medicine Hat.
- Pagpapahinto ng pagguho sa kahabaan ng Carrot Creek upang makatulong na protektahan ang imprastraktura sa St. Albert.
- Paglikha ng pamamahala ng naturalisadong tubig-bagyong lawa sa St. Paul upang mabawasan ang mga panganib sa tagtuyot at mapabuti ang kalidad ng tubig.
- Pagpapabuti ng mga proteksyon sa baha sa lugar ng Calgary sa pamamagitan ng pagpapalit sa Landon Ditch ng isang sistema upang pamahalaan ang tubig-bagyo at bantayan ang imprastraktura.

Ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng $125 milyon sa loob ng limang taon sa Programa ng Proteksyon sa Tagtuyo at Pagbaha, na nagpapakita na ng mga resulta. Noong nakaraang taon, ang pamahalaan ay naghatid ng milyun-milyon sa mga county, mga bayan, mga lungsod at mga Katutubong kasosyo para sa mga proyekto ng imprastraktura, na ngayon ay isinasagawa. Sa kabuuan, mahigit $50 milyon na ngayon ang pinuhunan sa 28 mga proyekto sa pamamagitan ng programa.

Ang susunod na round ng mga aplikasyon sa pagpopondo ay magbubukas sa Oktubre, na may isa pang $25 milyon na magagamit upang protektahan ang mga negosyo, mga pamilya at mga komunidad.

Tinutugunan ng Badyet 2025 ang hamon na kinakaharap ng Alberta sa patuloy na pamumuhunan sa edukasyon at kalusugan, pangangalaga sa kapaligiran, mas mababang buwis para sa mga pamilya at isang pagtutuon sa ekonomiya.

## Mabilis na mga katotohanan

- Ang pagpopondo para sa lahat ng proyektong inaprubahan sa round na ito ay babayaran sa 2025-26.
- Sa 10 mga proyektong tumatanggap ng pagpopondo, pito ang nakatuon sa pangunahing pagtugon sa mga baha, ang isa ay nakatuon sa pagtugon sa mga epekto ng tagtuyot at dalawa ay nakatuon sa pagpapagaan ng mga epekto mula sa tagtuyot at baha.
- Sa 18 mga proyektong tumatanggap ng pondo sa unang round, 10 ang nakatuon sa pagtugon sa mga epekto ng tagtuyot.
- Sa unang round ng pagpopondo, $5,727,119 ay ipinagpaliban sa 2025-26, na may $5 milyon na mapupunta sa Rehabilitasyon ng Imprastruktura ng Supply ng Tubig ng Fort Mckay at $727,119 ay mapupunta sa Proyekto ng Dibersyon sa Tubig-bagyo ng Glenmore Trail.

## Kaugnay na impormasyon

- Programa ng Proteksyon sa Tagtuyot at Baha
- Mga naaprubahang proyekto

## Mga pagtatanong ng media

**Ryan Fournier**

780-232-2213
Kalihim ng Press, Kapaligiran at Mga Protektadong Lugar